# Sa lahat ng yugto



## Pagkabit

Dapat nakakabit ang mga child restraint (pamigil sa bata) sa back seat (upuan sa likuran).

## Paggamit

Ang harness o belt (depende sa yugto) ay dapat tamang-tama sa iyong anak at laging lampas sa balikat.

## Progreso

Sundin ang mga rekomendasyon ng mga tagagawa para sa mga limitasyon sa timbang at taas.



# Mga technician ng mga child restraint

Maaaring may mga sertipikadong technician sa child restraint ang mga retailer at iba pang organisasyon na makakatulong.

**nzta.govt.nz/childrestraints**

# Mga child restraint at airbag

Palaging basahin ang manwal ng iyong sasakyan at mga tagubilin ng tagagawa ng child restraint para mapayuhan kung gaano kalayo sa mga airbag dapat ilagay ang restraint.

### Mga airbag sa harapan

- Ang mga child restraint na paharap sa likuran ay dapat palaging inilalagay sa back seat kung mayroong aktibong airbag sa front seat (upuan sa harapan).
- Kung dapat maupo ang mas malaking bata sa harapan, iusog ang upuan ng sasakyan sa likuran hangga't maaari.

### Mga airbag sa gilid (side airbags)

- Kung kailangan mong magkabit ng child restraint sa tabing-tabi ng pinto ng sasakyan, tiyaking walang mga bagay na madaling matanggal sa pagitan ng child restraint at pinto.




Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government

# Pangkalahatang mga mungkahi

- ✓ Bago ka bumili o umarkila ng child restraint, tiyaking akma ito sa iyong sasakyan at angkop para sa iyong anak.
- ✓ Palaging sundin ang mga tagubilin ng tagagawa.
- ✓ Ang back seat ang pinakaligtas na lugar para sa child restraint ng iyong anak.
- ✓ Suriin na ang child restraint ay nakakabit nang mabuti sa upuan at hindi ito magalaw. Kung hindi maayos ang pagkakalagay ng iyong restraint, humingi ng payo mula sa isang rehistradong technician ng child restraint.

# Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon at kapaki-pakinabang na mga video kung paano ligtas na gamitin ang mga child restraint, at para makahanap ng technician sa child restraint sa inyong lugar, bisitahin ang:

**nzta.govt.nz/childrestraints**
**plunket.org.nz**
**safekids.org.nz**

23-EX-129

# Ang child restraint ay nagliligtas ng buhay



Nakasaad sa batas na lahat ng mga batang wala pang pitong taong gulang ay dapat i-secure sa aprubadong child restraint kapag naglalakbay gamit ang sasakyan. Ang mga batang pitong taong gulang ay dapat maprotektahan ng aprubadong child restraint kung mayroon nito sa sasakyan, at kung wala, ng anumang child restraint o seat belt na mayroon.

WAKA KOTAHI
NZ TRANSPORT AGENCY

Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government

Tagalog

# Yugto 1

## Infant restraint (pamigil sa sanggol) na nakaharap sa likuran



### Pagkabit

- Palaging ikabit ang infant restraint upang ang sanggol ay nakaharap sa likuran ng kotse.
- Hindi dapat ilagay sa front seat ang infant restraint na paharap sa likuran (rear-facing) kung mayroong aktibong airbag sa harapan.

### Paggamit

- Kung mayroong chest clip, siguraduhin na ang clip ay abot hanggang sa kilikili ng sanggol.
- Ang sanggol ay dapat naka-secure nang husto sa child restraint bago siya kumutan.

### Progreso

- Ang mga sanggol ay mas protektado sa rear-facing restraint kapag naglalakbay, hangga't sila ay wala pang dalawang taong gulang.
- Nakalakhan na ng mga sanggol ang infant restraint kapag lumampas na ang mga ito sa inirerekomenda ng tagagawa na mga limitasyon sa timbang o taas.

# Yugto 2

## Child restraint na nakaharap sa harapan (Forward-facing child restraint)



### Pagkabit

- Kung ang iyong child restraint ay may kasamang tether strap, dapat itong gamitin ayon sa mga tagubilin ng tagagawa.
- Kung ang iyong sasakyan ay walang anchor point para kabitan ng tether strap, magpakabit sa isang kwalipikadong mekaniko ng ganito sa iyong sasakyan.

### Paggamit

- Suriin ang mga tagubilin ng tagagawa para sa tamang taas ng balikat ng harness.
- Kung mayroong chest clip, siguraduhin na ito ay abot hanggang sa kilikili ng iyong anak.

### Progreso

- Nakalakhan na ng mga sanggol ang infant restraint kapag lumampas na ang mga ito sa inirerekomenda ng tagagawa na mga limitasyon para sa modelong ito ng forward-facing child restraint.

# Yugto 3

## Booster seat

### Pagkabit

- Huwag gumamit ng booster seat na may lap seat belt lamang.



### Paggamit

- Kung mayroon kang booster seat na may built-in na harness system, gamitin ang harness hanggang sa maabot ng bata ang limitasyon sa taas o sa timbang na ipinapayo sa mga tagubilin ng tagagawa, at pagkatapos ay gamitin ang seat belt ng sasakyan.
- Kung may seat belt guide ang iyong booster seat, siguraduhing gamitin ito tuwing magbibiyahe.
- Ang full booster seat na may adjustable head rest ay magbibigay ng mas mahusay na proteksyon para sa iyong anak kaysa sa booster cushion.
- Hikayatin ang iyong anak na huwag umangat sa booster seat.

### Progreso

Inirerekomenda ng pinakamahusay na kasanayan na manatili ang mga bata sa restraint o booster seat hangga't sila ay wala pang 148cm ang taas.

Paano malalaman kung handa na ang iyong anak na lumipat mula sa booster seat patungo sa adult seat belt:

- Ang bata ay maaaring umusog sa likod ng seat para kumportableng nakalaylay ang kanyang mga binti sa gilid ng seat.
- Ang seat belt ay hindi nakasandal sa kanyang leeg.
- Ang lap na bahagi ng seat belt ay nakapatong sa kanyang mga hita, hindi sa tapat ng kanyang tiyan.
- Ang bata ay dapat manatiling nakaupo nang ganito sa buong biyahe.

Kung ang sagot ay 'hindi' sa alinman sa mga tanong na ito, kailangang gumamit ng booster seat ng iyong anak upang mapanatili siyang ligtas.